# 2022
# Buod ng Mga Benepisyo

## Molina Dual Options Cal MediConnect Medicare-Medicaid Plan

### California H8677-001

Pinagsisilbihan ang mga sumusunod na county: Riverside, San Bernardino at San Diego

**Epektibo mula Enero 1 hanggang Disyembre 31, 2022**

MOLINA HEALTHCARE

H8677_22_001_CAMMPSB tl Accepted

## Panimula

Ang dokumentong ito ay maikling buod ng mga benepisyong nasasaklawan ng Molina Dual Options. Kabilang dito ang mga sagot sa mga madalas itanong, mahalagang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, pangkalahatang-ideya sa mga benepisyo at mga iniaalok na serbisyo, at impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan bilang miyembro ng Molina Dual Options. Ang mga pangunahing termino at kahulugan ng mga ito ay nasa alpabetikong ayos sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro.*

## Talaan ng mga Nilalaman

A. Mga Disclaimer ..... 2
B. Mga Madalas Itanong ..... 4
C. Pangkalahatang-ideya ng Mga Serbisyo ..... 9
D. Mga serbisyong saklaw na wala sa Molina Dual Options ..... 23
E. Mga serbisyong hindi saklaw ng Molina Dual Options, Medicare, at Medi-Cal ..... 24
F. Ang inyong mga karapatan bilang miyembro ng plano ..... 25
G. Paano maghain ng reklamo o paano iapela ang isang tinanggihang serbisyo ..... 27
H. Ano ang gagawin kung naghihinala kayong may panloloko ..... 27

## A. Mga Disclaimer

Isa itong buod ng mga serbisyong pangkalusugan na saklaw ng Molina Dual Options Medicare-Medicaid Plan para sa taong 2022. Isa lang itong buod. Pakibasa ang Handbook ng Miyembro para sa kumpletong listahan ng mga benepisyo.

- Magiging available ang Handbook ng Miyembro para sa 2022 sa Oktubre 15. Ang updated na kopya ng 2022 Handbook ng Miyembro ay makikita palagi sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Duals. Maaari din kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras upang hilingin sa aming magpadala sa inyo ng 2022 Handbook ng Miyembro.
- Ang Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan ay isang planong pangkalusugang nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga enrollee. Para ito sa mga taong parehong may Medicare at Medi-Cal.
- Sa ilalim ng Molina Dual Options maaari ninyong makuha ang inyong mga serbisyo sa Medicare at Medi-Cal sa iisang planong pangkalusugan. Tutulong ang isang Tagapangasiwa ng Kaso sa Molina Dual Options na pangasiwaan ang inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.
- Hindi ito isang kumpletong listahan. Ang impormasyon tungkol sa benepisyo ay isang maikling buod, at hindi isang kumpletong paglalarawan sa mga benepisyo. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa plano o basahin ang *Handbook ng Miyembro*.
- Ang Molina Healthcare ay sumusunod sa naaangkop na mga batas ng Pederal sa mga Karapatang Sibil at hindi nagtatangi batay sa lahi, etnisidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, katayuan ng kalusugan, pagtanggap ng pangangalagang pangkalusugan, mga karanasan sa paghahabol, medikal na kasaysayan, impormasyong henetiko, katibayan ng kakayanang maiseguro, heograpikong lokasyon.
- ATTENTION: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call (855) 665-4627, TTY: 711, Monday - Friday, 8 a.m. to 8 p.m., local time. The call is free.
- ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al (855) 665-4627, servicio TTY al 711, de lunes a viernes, de 8:00 a. m. a 8:00 p. m., hora local. La llamada es gratuita.
- CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-855-665-4627 (TTY: 711).
- PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-855-665-4627 (TTY: 711).

- انتباه:إذا كنت تتحدث اللغة العربية، نوفر لك خدمات المساعدة اللغوية المجانية. اتصل على 5604-735 (855)، لمستخدمي أجهزة الهواتف النصية / أجهزة اتصالات المعاقين: 711، من الاثنين إلى الجمعة، من 8 صباحًا إلى 8 مساءً، بالتوقيت الشرقي. هذه المكالمة مجانية.

- Makukuha ninyo ang dokumentong ito nang libre sa iba pang format, gaya ng malaking print, braille, o audio. Tumawag sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.

- Maaari ninyong hilingin na ipadala namin palagi sa inyo ang impormasyon na nasa wika o format na kailangan ninyo. Tinatawag itong palagiang kahilingan. Susubaybayan namin ang inyong palagiang kahilingan, para hindi na ninyo kailanganing gumawa ng mga hiwalay na kahilingan sa bawat pagkakataong may ipapadala kaming impormasyon sa inyo. Upang makakuha ng dokumentong ito na nasa ibang wika maliban sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa Estado sa(800) 541-5555, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., lokal na oras upang ma-update ang inyong rekord sa gustong wika. Upang makakuha ng dokumentong ito sa alternatibong format, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Matutulungan kayo ng isang kinatawang gawin o baguhin ang palagiang kahilingan. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa inyong Tagapamahala ng Kaso para sa tulong sa mga palagiang kahilingan.

## B. Mga Madalas Itanong

Nakalista sa mga sumusunod na chart ang mga madalas itanong.

| Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions o FAQ) | Mga Sagot |
|---|---|
| **Ano ang Cal MediConnect Plan?** | Ang Cal MediConnect Plan ay isang organisasyong binubuo ng mga doktor, ospital, parmasya, tagapagbigay ng mga pangmatagalang serbisyo, at iba pang tagapagbigay ng serbisyo. Mayroon din itong mga Tagapamahala ng Kaso na makakatulong sa inyong pamahalaan ang lahat ng inyong provider at serbisyo. Nagtutulungan silang lahat upang maibigay ang pangangalagang kailangan ninyo. Ang Molina Dual Options (Medicare-Medicaid Plan) ay isang Cal MediConnect Plan na nagbibigay ng mga benepisyo ng Medi-Cal at Medicare sa mga nagpapatala. |
| **Ano ang isang Tagapangasiwa ng Kaso sa Molina Dual Options?** | Ang Tagapamahala ng Kaso ng Molina Dual Options ang pangunahing taong dapat ninyong makaugnayan. Tumutulong ang taong ito na pangasiwaan ang lahat ng inyong tagapagbigay ng serbisyo at ang inyong mga serbisyo at sinisigurong nakukuha ninyo ang kailangan ninyo. |
| **Ano ang Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long-Term Services and Supports o LTSS)?** | Ang LTSS ay para sa mga miyembrong nangangailangan ng tulong upang gawin ang mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, pagbibihis, paghahanda ng pagkain, at pag-inom ng gamot. Karamihan sa mga serbisyong ito ay ibinibigay sa inyong bahay o sa inyong komunidad ngunit maaaring ibigay sa isang nursing home o ospital.<br>Kabilang sa LTSS ang mga sumusunod na programa: Programang mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community Based Adult Services o CBAS) at pangmatagalang may kasanayang pangangalaga na ibinibigay ng Pasilidad ng Pag-aalaga (Nursing Facility o NF). |
| **Makakakuha ba ako ng parehong Medicare at Medi-Cal na mga benepisyo sa Molina Dual Options na nakukuha ko ngayon? (Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)** | Makukuha ninyo ang karamihan sa inyong saklaw na Medicare at Medi-Cal na mga benepisyo nang direkta mula sa Molina Dual Options. Makikipagtulungan kayo sa isang koponan ng mga tagapagbigay ng serbisyo na tutulong na matukoy kung anong mga serbisyo ang pinakamahusay na makatutugon sa inyong mga pangangailangan. Nangangahulugan ito na maaaring magbago ang ilan sa mga serbisyong nakukuha ninyo sa ngayon.<br><br>Kapag nagpatala kayo sa Molina Dual Options, kayo at ang inyong koponan ng pangangalaga ay magtutulungan upang bumuo ng isang Plano ng Pangangalagang Pang-indibidwal upang maharap ang inyong mga pangangailangang pangkalusugan at suporta, na sumasalamin sa inyong personal |

| Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions o FAQ) | Mga Sagot |
|---|---|
| **Makakakuha ba ako ng parehong Medicare at Medi-Cal na mga benepisyo sa Molina Dual Options na nakukuha ko ngayon? (ipinagpatuloy)** | na mga kagustuhan at layunin. Gayundin, kung gumagamit kayo ng anumang inireresetang gamot sa Medicare Part D na hindi karaniwang sinasaklaw ng Molina Dual Options, makakakuha kayo ng pansamantalang supply at tutulungan namin kayo na lumipat sa panibagong gamot o makakuha ng pagbubukod para sa Molina Dual Options upang saklawin ang inyong gamot kung medikal na kinakailangan. |
| **Maaari ba akong pumunta sa parehong mga doktor kung saan ako kasalukuyang nagpapatingin?** | Kadalasan, ganoon ang sitwasyon. Kung ang inyong mga tagapagbigay ng serbisyo (kasama ang mga doktor at parmasya) ay nakikipagtulungan sa Molina Dual Options at may kontrata sa amin, maaari kayong patuloy na magpatingin sa kanila.<br>• Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na mayroong kasunduan sa amin ay "nasa network." **Dapat ninyong gamitin ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa network ng Molina Dual Options.**<br>• Kung kailangan ninyo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o mga serbisyo ng dialysis sa labas ng sineserbisyuhang lugar, maaari kayong gumamit ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa labas ng plano ng Molina Dual Options.<br>Upang malaman kung ang inyong mga doktor ay nasa network ng plano, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro o basahin ang *Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya* ng Molina Dual Options sa website ng plano sa www.MolinaHealthcare.com/Duals.<br>Kung bago sa inyo ang Molina Dual Options, makikipagtulungan kami sa inyo upang bumuo ng Pang-indibidwal na Plano sa Pangangalaga upang tugunan ang inyong mga pangangailangan. Maaari kayong patuloy na kumonsulta sa mga doktor na pinupuntahan ninyo ngayon sa loob ng 12 buwan. |
| **Ano ang mangyayari kung kailangan ko ng serbisyo ngunit walang makakapagbigay nito sa network ng Molina Dual Options?** | Ang karamihan ng mga serbisyo ay ibibigay ng aming mga tagapagbigay ng serbisyo sa network. Kung kailangan ninyo ng serbisyo na hindi maipagkakaloob sa loob ng aming network, babayaran ng Molina Dual Options ang gastos sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa labas ng network. |
| **Saan available ang Molina Dual Options?** | Kasama sa lugar na sineserbisyuhan ng planong ito ang: County ng Los Angeles, California. Dapat ay nakatira ka sa lugar na ito upang makasali sa plano. |
| **Magbabayad ba ako ng buwanang halaga (tinatawag ding premium) sa ilalim ng Molina Dual Options?** | Hindi kayo magbabayad ng anumang buwanang mga premium sa Molina Dual Options para sa inyong coverage sa kalusugan. |

| Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions o FAQ) | Mga Sagot |
|---|---|
| **Ano ang nauunang awtorisasyon?** | Ang nauunang awtorisasyon ay nangangahulugan na dapat kayong makakuha ng pag-apruba mula sa Molina Dual Options bago kayo makakuha ng partikular na serbisyo o gamot o makapagpakonsulta sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa labas ng network. Maaaring hindi saklawin ng Molina Dual Options ang serbisyo o gamot kung hindi kayo makakakuha ng pag-apruba. Kung kailangan ninyo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o mga serbisyo ng dialysis sa labas ng sineserbisyuhang lugar, hindi ninyo na kailangang kumuha muna ng pag-apruba. Maaari kayong bigyan ng Molina Dual Options ng isang listahan ng mga serbisyo o pamamaraan na humihiling sa inyo na kumuha ng nauunang awtorisasyon mula sa Molina Dual Options bago ibigay ang serbisyo.<br><br>Sumangguni sa Kabanata 3, ng *Handbook ng Miyembro* para matuto pa tungkol sa paunang awtorisasyon. Sumangguni sa Chart ng Mga Benepisyo sa Seksyon D ng Kabanata 4 ng *Handbook ng Miyembro* para malaman kung aling mga serbisyo ang nangangailangan ng paunang awtorisasyon. |
| **Ano ang isang referral?** | Nangangahulugan ang isang referral na dapat kayong bigyan ng inyong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (primary care provider o PCP) ng pag-apruba bago kayo magpakonsulta sa isang taong hindi ninyo PCP o gumamit ng ibang tagapagbigay ng serbisyo sa network ng plano. Kung hindi kayo kukuha ng pag-apruba, maaaring hindi saklawin ng Molina Dual Options ang mga serbisyo. Hindi ninyo kailangan ng referral upang makapagpakonsulta sa ilang partikular na espesyalista, gaya ng mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan.<br><br>Sumangguni sa Kabanata 3, ng *Handbook ng Miyembro* para malaman ang tungkol sa kailan ninyo kakailanganing kumuha ng referral mula sa inyong PCP. |

| Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions o FAQ) | Mga Sagot |
|---|---|
| **Kanino ako dapat makipag-ugnayan kung mayroon akong mga tanong o kailangan ko ng tulong? (Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)** | **Kung mayroon kayong mga pangkalahatang tanong o tanong tungkol sa aming plano, mga serbisyo, lugar ng serbisyo, billing, o mga ID card ng Miyembro, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Dual Options:**<br>**TUMAWAG** (855) 665-4627<br>Libre ang mga tawag sa numerong ito. Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.<br>Ang mga opsyon sa mga self-service at voicemail ay magagamit sa mga pista opisyal, pagkatapos ng mga regular na oras ng negosyo at tuwing Sabado at Linggo.<br>Ang Mga Serbisyo sa Miyembro ay mayroon ding mga libreng serbisyo sa pagsasalin ng wika na magagamit ng mga taong hindi nagsasalita ng wikang Ingles.<br>**TTY** 711<br>Libre ang mga tawag sa numerong ito. Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras<br>**Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong kalusugan, pakitawagan ang Telepono para sa Payo ng Nurse:**<br>**TUMAWAG** (888) 275-8750<br>Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.<br>Ang Telepono para sa Payo ng Nurse ay mayroon ding mga libreng serbisyo ng tagasalin ng wika na available para sa mga taong hindi nagsasalita ng Ingles.<br>**TTY** 711<br>Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. |

| Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions o FAQ) | Mga Sagot |
|---|---|
| **Kanino ako dapat makipag-ugnayan kung mayroon akong mga tanong o kailangan ko ng tulong? (ipinagpatuloy)** | **Kung kailangan ninyo ng agarang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, pakitawagan ang Telepono para sa Payo ng Nurse:**<br>**TUMAWAG** (888) 275-8750<br>Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.<br>Ang Telepono para sa Payo ng Nurse ay mayroon ding mga libreng serbisyo ng tagasalin ng wika na available para sa mga taong hindi nagsasalita ng Ingles.<br>**TTY** 711<br>Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. |

## C. Pangkalahatang-ideya ng Mga Serbisyo

Ang sumusunod na chart ay isang maikling pangkalahatang-ideya ng kung anong mga serbisyo ang maaaring kailanganin ninyo, ang inyong mga gastusin at mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo.

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Gusto ninyo ng doktor** | Mga pagbisita upang gamutin ang isang pinsala o sakit | $0 | |
| | Mga wellness visit, gaya ng isang pisikal | $0 | Taunang Wellness visit bawat 12 buwan. |
| | Transportasyon papunta sa tanggapan ng isang doktor | $0 | Magkakaroon kayo ng access sa walang limitasyong balikang biyahe sa mga transportasyong hindi medikal dahil sa iyong saklaw sa MediCal. |
| | Pangangalaga ng espesyalista | $0 | |
| | Pangangalaga upang iiwas ka sa pagkakaroon ng sakit, gaya ng mga bakuna para sa trangkaso | $0 | |
| | Mga testing at bakuna sa COVID-19 | $0 | |
| | "Welcome to Medicare" na pagbisitang pang-iwas sa sakit (isang beses lamang) | $0 | |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng mga medikal na pagsusuri** | Mga pagsusuri sa laboratoryo, gaya ng pagsusuri sa dugo | $0 | Maaaring may malapat na mga panuntunan sa awtorisasyon.<br>Kailangan ng paunang awtorisasyon sa genetic testing sa laboratoryo.<br>Hindi kailangan ng paunang awtorisasyon sa mga serbisyo sa Laboratoryo para sa Outpatient. |
| | Mga x-ray o iba pang larawan, tulad ng mga CAT scan | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon.<br>Hindi kailangan ng paunang pahintulot ng mga serbisyong panglaboratoryo para sa outpatient. |
| | Mga screening na pagsusuri, gaya ng mga pagsusuri para sa kanser | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| **Kailanganin ninyo ng mga gamot upang gamutin ang inyong sakit o kundisyon (Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)** | Mga generic na gamot (walang brand name) | $0 sa 31 araw na supply | Maaaring may mga limitasyon sa mga uri ng saklaw na gamot. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* (Listahan ng Gamot) ng Molina Dual Options para sa higit pang impormasyon.<br>Isang 90 araw na supply ang available sa retail at mail order na parmasya nang walang karagdagang gastusin.<br>Maaaring kailanganin ng planong subukan muna ninyo ang unang gamot |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng mga gamot upang gamutin ang inyong sakit o kundisyon (ipinagpapatuloy)** | | | sa paggamot ng inyong kundisyon bago nito saklawin ang isa pang gamot para sa kundisyong iyon.<br>Maaaring may ilang partikular na gamot na limitado sa 31 araw na supply.<br>May limitasyon sa dami ang ilang gamot.<br>Dapat makatanggap ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ng paunang awtorisasyon mula sa Molina Dual Options para sa ilang partikular na gamot. |
| | Mga branded na gamot | $0 sa 31 araw na supply | Maaaring may mga limitasyon sa mga uri ng saklaw na gamot. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* (Listahan ng Gamot) ng Molina Dual Options para sa higit pang impormasyon.<br>Isang 90 araw na supply ang available sa retail at mail order na parmasya nang walang karagdagang gastusin.<br>Maaaring kailanganin ng planong subukan muna ninyo ang unang gamot sa paggamot ng inyong kundisyon bago nito saklawin ang isa pang gamot para sa kundisyong iyon.<br>Maaaring may ilang partikular na gamot na limitado sa 31 araw na supply. |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng mga gamot upang gamutin ang inyong sakit o kundisyon (ipinagpapatuloy)** | | | May limitasyon sa dami ang ilang gamot. Dapat makatanggap ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ng paunang awtorisasyon mula sa Molina Dual Options para sa ilang partikular na gamot. |
| | Mga gamot na mabibili nang walang reseta (OTC) | $0 | Maaaring may mga limitasyon sa mga uri ng saklaw na gamot. Mangyaring sumangguni sa Listahan ng mga Saklaw na Gamot (Listahan ng Gamot) ng Molina Dual Options para sa higit pang impormasyon.<br><br>Nagsasaklaw kami ng mga hindi inireresetang gamot na mabibili nang walang reseta (OTC), tulad ng mga bitamina, sunscreen, gamot laban sa pananakit, gamot laban sa ubo/sipon, at bandage. Makakatanggap kayo ng $60 kada 3 buwan na magagamit ninyo sa mga bagay na inaprubahan sa plano. Makukuha ang inyong kada tatlong buwang allowance tuwing Enero, Abril, Hulyo, at Oktubre. Ang anumang halaga sa dolyar na hindi ninyo magagamit ay hindi maidaragdag sa susunod na 3 buwan. |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng mga gamot upang gamutin ang inyong sakit o kundisyon (ipinagpapatuloy)** | | | Hindi ninyo kailangan ng reseta mula sa inyong doktor upang makakuha ng mga OTC na bagay. |
| | Mga de-resetang gamot sa Medicare Part B | $0 | Kasama sa mga gamot sa Part B ang mga gamot na ibinigay ng inyong doktor sa kanyang tanggapan, ilang iniinom na gamot para sa kanser, at ilang gamot na ginagamit sa ilang partikular na kagamitang medikal. Basahin ang *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga gamot na ito.<br>Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| **Kailangan ninyo ng therapy pagkatapos ng isang stroke o aksidente** | Occupational, physical, o speech therapy | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| **Kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga (Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)** | Mga serbisyo sa emergency room | $0 | Maaari kayong kumuha ng saklaw na pang-emergency na pangangalaga tuwing kailangan ninyo ito, saanman sa Estados Unidos o sa mga teritoryo nito, nang walang nauunang awtorisasyon.<br>Hindi saklaw sa labas ng U.S. at sa mga teritoryo nito maliban sa ilalim ng limitadong mga pangyayari. |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga (ipinagpatuloy)** | | | Makipag-ugnayan sa plano para sa mga detalye. |
| | Mga serbisyo ng ambulansya | $0 | Kailangan ang paunang awtorisasyon para sa transportasyon na pang-emergency.<br>Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon para sa mga serbisyo ng Ambulansya na hindi pang-emergency. |
| | Agarang pangangalaga | $0 | Maaari kayong kumuha ng mga agarang serbisyo sa pangangalaga tuwing kailangan ninyo ito, saanman sa Estados Unidos o sa mga teritoryo nito, nang walang nauunang awtorisasyon.<br>Hindi saklaw sa labas ng U.S. at sa mga teritoryo nito maliban sa ilalim ng limitadong mga pangyayari. Makipag-ugnayan sa plano para sa mga detalye. |
| **Kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital (Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)** | Pamamalagi sa ospital | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital (ipinagpatuloy)** | Pangangalaga ng doktor o surgeon | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| **Kailangan ninyo ng tulong sa paggaling o mayroong mga espesyal na pangangailangan sa kalusugan** | Mga serbisyong rehabilitasyon | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Kagamitang medikal para sa pangangalaga sa tahanan | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Pangangalaga mula sa lisensiyadong nurse (skilled nursing care) | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon.<br>Walang limitasyon sa bilang ng mga araw na nasasaklawan ng plano sa bawat pananatili sa SNF.<br>Walang kinakailangang naunang pananatili sa ospital. |
| **Kailangan ninyo ng pangangalaga sa mata** | Mga pagsusuri sa mata | $0 | Hanggang 1 rutina na pagsusuri sa mata bawat taon. |
| | Mga salamin sa mata o contact lens | $0 | Limitasyon sa saklaw na $100 na plano para sa karagdagang salamin sa mata bawat 2 taon. |
| **Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa pandinig o auditory (Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)** | Mga pagsusuri sa pandinig | $0 | 1 rutina na pagsusuri sa pandinig bawat taon |
| | Mga hearing aid | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon.<br>1 pagsusukat/pagsusuri ng hearing aid bawat 2 taon. |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa pandinig o auditory (ipinagpatuloy)** | | | Limitasyon sa saklaw na $1,510 na plano para sa mga hearing aid bawat taon. |
| **Mayroon kayong hindi gumagaling na kundisyon, gaya ng diyabetis o sakit sa puso** | Mga serbisyo upang tulungang pangasiwaan ang inyong sakit | $0 | Pagsasanay sa sariling pangangasiwa ng diyabetis |
| | Mga supply at serbisyo para sa diyabetis | $0 | Mga supply sa pagsubaybay sa diabetes<br>Mga therapeutic na sapatos o insert.<br>Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| **Mayroon kayong kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip** | Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip o pag-uugali | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon.<br>Outpatient na pangkatang pagbisita sa therapy.<br>Outpatient na indibidwal na pagbisita sa therapy. |
| **Mayroon kayong problema sa pag-abuso sa paggamit ng droga** | Mga serbisyo sa problemang pag-abuso sa ipinagbabawal na gamot | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon.<br>Outpatient na pangkatang pagbisita sa therapy.<br>Outpatient na indibidwal na pagbisita sa therapy. |
| **Kailangan ninyo ng mga pangmatagalang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip** | Inpatient na pangangalaga para sa mga taong nangangailangan ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng matibay na kagamitang medikal (durable medical equipment, DME)** | Mga wheelchair | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Mga Nebulizer | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Mga saklay | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Mga walker | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Kagamitan at mga supply para sa oxygen | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| **Kailangan ninyo ng tulong sa paninirahan sa bahay (Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)** | Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long Term Services and Support o LTSS): Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community Based Adult Services o CBAS)<br>Ang Programang mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community Based Adult Services o CBAS) ay isang pang-araw na programang pangkalusugan na nakabase sa komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa mas matatandang tao at nasa hustong gulang na 18 taong gulang | $0 | Kailangan ninyong matugunan ang isa sa mga sumusunod na diagnostic na kategorya:<br>• NF-A na antas ng pangangalaga o mas mataas<br>• Organic, natamo, o traumatic na pinsala sa utak at/o malubhang karamdaman sa pag-iisip<br>• Bahagya hanggang sa malubhang sakit na Alzheimer's o iba pang Dementia (stage 5, 6, o 7) |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng tulong sa paninirahan sa bahay (ipinagpatuloy)** | pataas, may mga hindi gumagaling o malubhang kundisyon at/o kapansanang medikal, kognitibo, o nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip na posibleng mangailangan ng pangangalaga ng institusyon.<br>Maaari ninyong tanggapin ang mga sumusunod na serbisyo sa isang sentro ng CBAS:<br>• Isang indibidwal na pagtatasa;<br>• Mga serbisyo sa propesyonal na pag-aalaga;<br>• Mga physical, occupational at speech therapy; | | • Mild Cognitive Impairment, kabilang ang Moderate Alzheimer's o iba pang Dementia (stage 4)<br>• Kakulangan sa Pag-unlad (Developmental Disability)<br>• May isa o higit pang chronic o postacute na kundisyong medikal, kognitibo, o nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip, at may hiniling na mga serbisyo ng CBAS ang isang doktor, nurse practitioner o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, nang naaayon sa saklaw ng kanyang kasanayan |

| **Pangangailangan o problema sa kalusugan** | **Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo** | **Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo** | **Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)** |
|---|---|---|---|
| **Kailangan ninyo ng tulong sa paninirahan sa bahay (ipinagpatuloy)** | • Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip;<br>• Mga gawaing nauugnay sa pagpapapagamot;<br>• Mga serbisyong panlipunan;<br>• Personal na pangangalaga;<br>• Pagkain;<br>• Pagpapayo sa nutrisyon;<br>• Transportasyon mula at papunta sa bahay ng kalahok at sentro ng CBAS.<br>• Mga Karagdagang Serbisyo (gaya ng tinukoy sa indibidwal na Plano ng Pangangalaga ng miyembro) | | • Kailangan ng miyembro ng pangangasiwa o tulong sa dalawa o higit pa sa mga sumusunod na gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay; pagligo, pagbibihis, pagkain nang mag-isa, paggamit ng banyo, paglalakad, paglipat ng lugar, pamamahala ng gamot, at kalinisan sa katawan O isa sa nakalista nang gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay at pamamahala ng pera, pag-access sa mga mapagkukunan, paghahanda ng pagkain o transportasyon.<br>Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon.<br>Maaaring may mga malapat na kinakailangan sa referral.<br>Makikipagtulungan ang Molina sa inyo, inyong doktor at inyong lokal na sentro ng CBAS kung kailangan ninyo ang serbisyong ito. |
| | Mga serbisyong pangangalaga ng kalusugan sa tahanan | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| | | | |
| **Kailangan ninyo ng lugar upang tirhan kasama ng mga taong nariyan upang tulungan kayo** | Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long Term Services and Support o LTSS): Pangmatagalang Pangangalaga sa Nursing Home | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. Maaaring may mga malapat na kinakailangan sa referral. |
| | Pangangalaga sa nursing home | $0 | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. Maaaring may mga malapat na kinakailangan sa referral. |
| **Mga karagdagang sinasaklaw na serbisyo (Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)** | Acupuncture | $0 | Dalawang serbisyong acupuncture na outpatient sa alinmang isang buwan ng kalendaryo |
| | Mga Opsyonal na Serbisyo sa Plano ng Pangangalaga (CPO services) | $0 | Ang mga serbisyong Opsyonal na Plano sa Pangangalaga (Care Plan Optional o CPO) ay maaaring available sa ilalim ng inyong Indibidwal na Plano sa Pangangalaga. Binibigyan kayo ng mga serbisyong ito ng higit pang tulong sa bahay, gaya ng Personal na Sistema ng Pagtugon sa Emergency at mga pagkain. Makakatulong sa inyo ang mga serbisyong ito na makapamuhay nang nagsasarili, pero **hindi** nito pinapalitan ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta (Long Term Services and Support |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Mga karagdagang sinasaklaw na serbisyo (ipinagpatuloy)** | | | o LTSS) na awtorisado ninyong matanggap sa ilalim ng Medi-Cal. Kung kailangan ninyo ng tulong o para malaman kung paano makakatulong sa inyo ang mga CPO na serbisyo, makipag-ugnayan sa inyong tagakoordina sa pangangalaga. |
| | Benepisyo sa Pagkain | $0 copay | Nakakakuha ang mga kwalipikadong miyembro ng karagdagang benepisyo sa pagkain na 56 na pagkain na inihahatid sa loob ng 4 na linggo, batay sa inyong mga pangangailangan.<br>Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Hospisyo | $0 copay | Dapat kayong kumuha ng pangangalaga mula sa isang sertipikado ng Medicare na hospisyo. Dapat ninyong konsultahin ang inyong plano bago kayo pumili ng hospisyo. |
| | Mga Serbisyong Chiropractic | $0 copay | |
| | Mga Serbisyong Podiatry | $0 copay | Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Mga Prosthetic Device | $0 copay | $0 copay para sa:<br>Mga prosthetic device. |

| Pangangailangan o problema sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo | Ang inyong mga gastusin para sa mga nasa network na tagapagbigay ng serbisyo | Impormasyon sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Mga karagdagang sinasaklaw na serbisyo (ipinagpatuloy)** | | | • Mga medikal na supply kaugnay ng prosthetics, mga splint, at iba pang device<br>Maaaring may mga malapat na panuntunan sa awtorisasyon. |
| | Mga Serbisyo sa Pagpaplano ng Pamilya, gaya ng:<br>Mga pregnancy test<br>Birth Control<br>Sterilization | $0 copay | Para sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya<br>Maaari kayong magpatingin sa sinumang kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo.<br>Hindi ninyo kailangan ng Paunang Pahintulot upang matanggap ang mga serbisyong ito. |

## D. Mga serbisyong saklaw na wala sa Molina Dual Options

Hindi ito isang kumpletong listahan. Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro upang malaman ang tungkol sa iba pang serbisyong hindi sinasaklaw ng Molina Dual Options ngunit available sa pamamagitan ng Medicare o Medi-Cal.

| Iba pang serbisyong sinasaklaw ng Medicare o Medi-Cal | Inyong mga gastusin |
|---|---|
| Ilang serbisyo sa pangangalaga ng hospisyo | $0 |
| Mga serbisyo ng koordinasyon bago at matapos ang pagbabago ng California Community Transitions (CCT) | $0 |
| Ilang partikular na serbisyo para sa ngipin, gaya ng mga X-ray, pagpapalinis, pasta, root canal, pagbunot ng ngipin, crown, at pustiso | Hindi sisingilin sa inyo ang mga serbisyong sinasaklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental Program. Gayunpaman, responsable kayo para sa inyong bahagi sa halaga ng gastusin, kung naaangkop. Responsable kayo para sa pagbabayad sa mga serbisyong hindi saklaw ng inyong plano o ng Medi-Cal Dental Program. |
| Acupuncture na sagot ng Medicare para sa chronic na pananakit sa ibabang bahagi ng likod | $0 Posibleng kailangan ng awtorisasyon. |

## E. Mga serbisyong hindi saklaw ng Molina Dual Options, Medicare, at Medi-Cal

Hindi ito isang kumpletong listahan. Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro upang malaman ang tungkol sa iba pang hindi kasamang serbisyo.

| Mga serbisyong hindi nasasaklawan ng Molina Dual Options, Medicare, o Medi-Cal | |
|---|---|
| Ang lahat ng serbisyo at/o supply na hindi medikal na kinakailangan | Pang-eksperimento o sinisiyasat na gamot, device o mga pamamaraan (maliban kung naaprubahan) |
| Kosmetikong operasyon, maliban kung kailangan upang magamot ang trauma o pagkapangit ng bahagi ng katawan na may kaugnayan sa sakit | Mga personal na bagay sa inyong kwarto sa ospital o pasilidad ng sanay na pangangalaga, tulad ng telepono o telebisyon. |
| Mga sports physicals o pampalakasang eksaminasyon ng katawan na hinihingi ng paaralan o panlibangang isport | Pagkumpleto ng mga form gaya ng pagkakaroon ng kapansanan, WIC, DMV |
| Mga bagay para sa ikagiginhawa ng sarili | Mga serbisyo sa labas ng Estados Unidos, maliban sa mga pang-emergency na serbisyong nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico |
| Mga opsyonal na pagpapatuli | Mga pribadong nanunungkulang nurse |
| Isang pribadong silid sa isang ospital, maliban kung ito ay medikal na kinakailangan | Mga serbisyong ibinibigay sa mga beterano sa mga pasilidad ng Veterans Affairs (VA) |

## F. Ang inyong mga karapatan bilang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng Molina Dual Options, mayroon kayong ilang partikular na karapatan. Maaari ninyong pairalin ang inyong mga karapatan nang hindi napaparusahan. Maaari din ninyong pairalin ang mga karapatang ito nang hindi nawawala ang inyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ipapaalam namin sa inyo ang tungkol sa inyong mga karapatan nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon. Para sa higit pang impormasyon sa inyong mga karapatan, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro*. Kabilang sa inyong mga karapatan ang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

- **Mayroon kayong karapatan na itrato nang may paggalang, patas at nang may dignidad.** Kabilang dito ang karapatang:
  - Makakuha ng mga saklaw na serbisyo na walang alalahanin tungkol sa lahi, pagiging katutubo, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, kapansanang pangkaisipan o pisikal, sekswal na oryentasyon, impormasyong henetiko, kakayahang magbayad o kakayahang magsalita ng Ingles
  - Makakuha ng impormasyon sa ibang format (hal., malaking titik, braille, at/o audio)
  - Maging malaya mula sa anumang uri ng pisikal na pagpigil o pagbubukod
  - Hindi sisingilin ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa network
  - Gawing ganap at magalang na nasasagot ang inyong mga tanong at alalahanin
- **May karapatan kayong makakuha ng impormasyon tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan.** Kabilang dito ang impormasyon sa paggamot at sa inyong mga pagpipilian sa paggamot. Ang impormasyong ito ay dapat nasa format na mauunawaan ninyo. Kabilang sa mga karapatang ito ang pagkuha ng impormasyon sa:
  - Paglalarawan sa mga serbisyong sinasaklaw namin
  - Paano kukuha ng mga serbisyo
  - Magkano ang gagastusin ninyo sa mga serbisyo
  - Mga pangalan ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga tagapangasiwa ng pangangalaga
- **May karapatan kayong magpasya tungkol sa inyong pangangalaga, kabilang ang pagtanggi sa paggamot.** Kabilang dito ang karapatang:
  - Pumili ng Tagapagbigay ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider o PCP) at palitan ang inyong PCP sa anumang oras sa buong taon
  - Magpakonsulta sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga kababaihan nang walang referral

- Mabilis na makuha ang inyong mga saklaw na serbisyo at gamot
- Alamin ang tungkol sa lahat ng opsyon sa paggamot, anuman ang halaga ng mga ito o kung saklaw man ang mga ito
- Tanggihan ang paggamot, kahit na pinapayuhan kayo ng inyong doktor laban dito
- Itigil ang pag-inom ng gamot
- Humingi ng pangalawang opinyon. Babayaran ng Molina Dual Options ang gastusin sa inyong pagbisita para sa pangalawang opinyon.
- Lumikha at ilapat ang maagang direktiba, gaya ng habilin at kinatawan sa pangangalagang pangkalusugan.

- **May karapatan kayo sa napapanahong access sa pangangalaga na walang anumang balakid sa access sa komunikasyon o pisikal na access.** Kabilang dito ang karapatang:
  - Makatanggap ng napapanahong pangangalagang medikal
  - Makapasok at makalabas sa tanggapan ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan ito ng walang balakid na access para sa mga taong may mga kapansanan, alinsunod sa Americans with Disabilities Act
  - Magkaroon ng mga tagasalin upang tulungan kayong makipag-ugnayan sa inyong mga doktor at sa inyong planong pangkalusugan. Tumawag sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras kung kailangan ninyo ng tulong sa serbisyong ito
- **May karapatan kayo sa pang-emergency at agarang pangangalaga kapag kailangan ninyo ito.** Nangangahulugan ito na may karapatan kayo na:
  - Makakuha ng mga serbisyong pang-emergency, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, nang walang paunang pag-apruba sa isang emergency
  - Kumonsulta sa isang wala sa network na tagapagbigay ng pangangalaga na madalian o emergency, kung kinakailangan
- **May karapatan kayo sa pagkakumpidensyal at pagkapribado.** Kabilang dito ang karapatang:
  - Humiling at makakuha ng kopya ng inyong mga talaang medikal sa paraang nauunawaan ninyo at hilingin na mabago o maiwasto ang inyong talaan
  - Gawing pribado ang inyong personal na impormasyon sa kalusugan

- **May karapatan kayong magreklamo tungkol sa inyong mga saklaw na serbisyo o pangangalaga.** Kabilang dito ang karapatang:
  - Maghain ng reklamo o hinaing laban sa amin o sa aming mga provider sa Departamento ng Pinangangasiwaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care o DMHC). Ang DMHC ay may toll-free na numero ng telepono **(1-888-466-2219)** at linya para sa TDD **(1-877-688-9891)** para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang website ng DMHC (www.dmhc.ca.gov) ay may mga form para sa reklamo, form ng aplikasyon para sa Independiyenteng Medikal na Pagrepaso (Independent Medical Review o IMR), at mga tagubilin online. May karapatan din kayong iapela ang ilang partikular na pasya na ginawa namin o ng aming mga tagapagbigay ng serbisyo.
  - Humiling ng isang Independiyenteng Medikal na Pagrepaso sa mga serbisyo o kagamitan ng Medi-Cal na pang-medikal mula sa Departamento ng Pinangangasiwaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California
  - Humiling ng isang makatarungang pagdinig ng estado mula sa Estado ng California
  - Makakuha ng detalyadong dahilan sa kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, maaari ninyong basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Molina Dual Options. Kung mayroon kayong mga tanong, maaari din ninyong tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Dual Options.

## G. Paano maghain ng reklamo o paano iapela ang isang tinanggihang serbisyo

Kung mayroon kayong reklamo o sa inyong palagay ay dapat saklawin ng Molina Dual Options ang isang bagay na tinanggihan namin, tawagan ang Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Magagawa ninyong iapela ang aming pasya.

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, maaari ninyong basahin ang Kabanata 9 ng *Handbook ng Miyembro* ng Molina Dual Options. Maaari din ninyong tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Dual Options.

O maaari kayong magliham sa Molina Healthcare

Attn: Grievance and Appeals
P.O. Box 22816
Long Beach, CA 90801-9977
FAX: 562-499-0610

### H. Ano ang gagawin kung naghihinala kayong may panloloko

Matapat ang karamihan sa mga propesyonal at organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan na nagkakaloob ng mga serbisyo. Sa kasamaang-palad, maaaring may ilang hindi.

Kung sa palagay ninyo ay may ginagawang hindi tama ang isang doktor, ospital, o iba pang parmasya, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

- Tawagan kami sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Dual Options. Ang mga numero ng telepono ay nasa pabalat ng buod na ito.
- O kaya, tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Maaari ninyong tawagan ang mga numerong ito nang libre, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.

CAD01SBTL0921

MOLINA®
HEALTHCARE